# Kwaresma - Panahon ng Pagbabago

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Jojo Buenafe
Marso 2, 2024

Taon-taon ipinagdiriwang natin ang Kwaresma. Ito ang panahon para pagnilayan ang pasyon ni Hesukristo, at ang imbitasyon para sa pagkakasundo. Maganda ang pagbabago, ngunit posible lamang ito ay kung bukas ang ating puso.

**Ebanghelyo:** "Alisin ninyo rito ang mga iyan! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama" (Juan 2:13-25).

**Lila o violet ang kulay ng Kwaresma - ang kulay ni L.O.R.D.**

**1. Kulay ng PANANABIK** (**L**onging). Si Hesus ay nanabik na makasama ang Diyos.

1.1. Nanabik na pumunta si Hesus sa Jerusalem upang makasama ang Diyos, para manalangin, mag-alay at magsisi. Nanabik Siyang makita ang mga taong gustong makita ang Diyos. Gayunpaman, ang Kanyang pananabik ay napalitan ng galit dahil sa Kanyang nakita. Hinadlangan ng mga nagtitinda ang mga taong gustong pumasok at makipagtagpo sa Diyos. Tama lang na magalit si Hesus dahil galit Siya sa kawalan ng katarungan, katiwalian at kakulangan ng pagmamahal. Gusto Niyang buhayin muli ang "pandama sa kasalanan".

1.2. Tama lang na magalit kung nakikita nating hindi maganda. Sa kabaligtaran, kung hindi tayo magalit sa nakikita nating kawalan ng katarungan, ito ay kasalanan dahil may mali sa ating konsensya. Isang malaking kasalan kapag tayo ay walang pakialam sa kapwa. Magalit tayo kung ang ating mga anak ay nalilihis na sa tamang landas at may masamang bisyo.

1.3. Ang panahon ng Kwaresma ay isang paanyaya upang manabik sa Diyos, maging bukas sa Diyos para dumating Siya sa atin. Igalang natin ang bahay ng Diyos. Manahimik, magnilay at manabik na marinig ang boses ng Diyos. Nagsisimula at natatapos ang araw ni Hesus sa panalangin at pagmumuni-muni.

2. **Kulay ng PAGKAKAISA:** (**O**neness). Ang pula at asul ay nagiging lila - ito ay nangangahulugang pagkakaisa ng Diyos at sa tao.

2.1. Ang imahe ng Ina ng Laging Saklolo ay ipinapakita ang pula sa kanyang panloob na kulay, simbolo ito ng kanyang pagkatao at asul bilang kanyang panlabas na kulay, ipinapakita na yakap-yakap siya ni Hesus. Baligtad ang kulay ni Hesus. Asul ang Kanyang panloob (ang yakap ng Diyos) samantalang pula ang Kanyang panlabas na kulay (sangkatauhan). Ito ay pagpapakita na gusto ng Diyos na iangat ang ating pagkatao.

3. **Kulay ng PAGKAKASUNDO** (**R**econciliation): Ang pangungumpisal ay isang paanyaya na aminin nagkasala tayo.

3.1. Ang Panginoon ang unang tumawag. Sinabihan si Jona na pumunta sa Nineveh para maging instrumento ng kanilang pagkakasundo.

3.2. May posibilidad na magpokus sa regalo (pagpapala) at kalimutan ang nagbigay (Diyos). Matuto tayong magpasalamat. Pinagkalooban tayo para maging biyaya sa kapwa.

3.3. Kung nakatanggap tayo ng pagkakasundo, dapat maging tagapagpahayag din tayo ng Mabuting Balita. Ang kwaresma ay panahon ng pagsuko sa ating mga kasalanan. Pinapatawad ang lahat ng kasalanan. Ang hindi lamang pinapatawad ay ang kasalanang hindi inaamin.

4. **Kulay ng KAMATAYAN** (**D**eath) Inaanyayahan tayong mamatay araw-araw.

4.1. Ang ibig sabihin ng kamatayan ay dadalhin tayo kay Hesus. Inaanyayahan tayo ni Hesus na bumalik sa ating buhay kasama Siya. Dapat handa tayong tanggapin ang kamatayan.

4.2. Ang kahulugan ng kamatayan ay <u>mamatay sa sarili</u>. Maaari nating talikuran ang masarap na kape upang makabili ng higit na kailangan ng pamilya; huwag nating unahin ang ating sarili at piliing mapagpakumbaba.

**Konklusyon:**

Ang Kwaresma ay isang paanyaya na mamatay sa ating sarili, sa ating kaginhawahan upang unahin natin ang kapwa. Sinunod ni Hesus ang mga kulay ng L.O.R.D. Magtiyaga tayong yakapin ang ating krus. Ito ang paraan para maluwalhati ang Ama at madama ang Kanyang yakap.

**Pagninilay:**

1. Nananabik ba tayo sa estado ng buhay na puno ng biyaya? Nasanay na ba tayo sa estado ng kasalanan?
2. Bakit tayo natatakot harapin ang kamatayan?

**Scribes Ministry**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
https://lordsflock.org/digests
Tags: #Kuwaresma#Pagbabago